UNWAVERING

# Pananampalataya at Paghihintay

## WARM-UP

- Ano ang pinakamahabang panahon na ginugol mo sa paghihintay sa pagdating ng isang tao sa napagkasunduang oras ng pagtatagpo? Ano ang nangyari?
- Mahilig ka bang magplano? Bakit mo ito nakahiligang gawin? Bakit hindi?
- Ibahagi ang isang pangarap na mayroon ka noong bata.

## WORD

15 *Sinabi pa ng Diyos kay Abraham, "Tungkol naman sa asawa mong si Sarai, hindi mo na siya tatawaging Sarai, kundi mula ngayon ay Sara na ang itatawag mo sa kanya.*
16 *Pagpapalain ko siya at bibigyan kita ng anak sa pamamagitan niya. Magiging ina siya ng maraming bansa, at ang iba niyang mga lahi ay magiging hari."*
17 *Nang marinig ito ni Abraham, nagpatirapa siya bilang paggalang sa Diyos, pero tumawa siya sa kanyang narinig. Sinabi niya sa kanyang sarili, "Magkakaanak pa ba ako na nasa 100 taong gulang na? At si Sara, mabubuntis pa kaya siya na nasa 90 taong gulang na?"* **GENESIS 17:15-17**

Buong buhay ni Abraham, patuloy na ipinapaalala sa kanya ng Diyos ang Kanyang pangako na siya ay magiging isang tanyag na bayan at ang kanyang lahi ay magiging sindami ng buhangin sa dagat. Subalit naging hamon ang pag-aantay para sa kanya. Lalo na sa panahon ngayon na mas gusto ng tao kung ano ang mas mabilis at madali, ang pag-aantay ay isang katotohanan na kailangan nating harapin. Ngayon, ating tignan ang buhay ni Abraham upang makita kung paano tayo dapat tumugon habang naghihintay.

## 1 Maghintay kahit pa matagal ang paghihintay.

*Nang marinig ito ni Abraham, nagpatirapa siya bilang paggalang sa Diyos, pero tumawa siya sa kanyang narinig. Sinabi niya sa kanyang sarili, "Magkakaanak pa ba ako na nasa 100 taong gulang na? At si Sara, mabubuntis pa kaya siya na nasa 90 taong gulang na?"* **GENESIS 17:17**

Ibinigay ng Panginoon ang pangakong magkaka-anak siya nang siya ay 75 taong gulang (Genesis 12:1-4,7), subalit si Sara ay nabuntis 25 taon pagkatapos nila matanggap ang pangako. Sa kabila ng mahabang panahon ng paghihintay, naniwala si Abraham sa Diyos at nagpatuloy sa pagsunod sa Kanya. Kahit hindi pa natin nakikita ang katuparan ng ipinangako, patuloy tayong sumunod at magtiwalang hindi Siya nagkamali sa oras ng katuparan ng mga ito. Sa panahon ng paghihintay, maaari tayong lumalim sa relasyon at pananampalataya natin sa Kanya. Ibahagi ang isang pagkakataon kung saan nag-antay ka sa katuparan ng ipinangako Niya sa iyo. Paano lumalim ang pananampalataya mo dahil dito?

## 2 Maghintay kahit ang hinihintay mo ay tila imposible.

*Nang marinig ito ni Abraham, nagpatirapa siya bilang paggalang sa Diyos, pero tumawa siya sa kanyang narinig. Sinabi niya sa kanyang sarili, "Magkakaanak pa ba ako na nasa 100 taong gulang na? At si Sara, mabubuntis pa kaya siya na nasa 90 taong gulang na?"* **GENESIS 17:17**

Natanggap ni Abraham at Sara ang kanilang anak sa panahong imposible na para sa kanilang pisikal na mga katawan ang magkaroon ng anak. Subalit ipinakita sa kanila ng Diyos na kaya Niyang gawing posible ang imposible sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan. Kung tinatawag ka ng Diyos na maghintay para sa isang bagay na imposible, magtiwala at sumunod sa Kanyang Salita, gaya ng ginawa ni Abraham. Ang lahat ng Kanyang Salita ay totoo at tutupad sa Kanyang mga plano at layunin (Isaias 55:11). Paano napapalakas ng kaalamang

ito ang loob mo upang maniwala sa Diyos para sa mga bagay na mukhang imposible na sa buhay mo?

## 3 Tanggapin ang plano ng Diyos kapag naiiba ito sa plano mo.

*Sumagot ang Diyos, "Ang totoo ay ito: Ang asawa mong si Sara ay manganganak ng lalaki at papangalanan mo siyang Isaac. Sa kanya ko ipagpapatuloy ang kasunduan ko sa iyo, at magpapatuloy ang kasunduang ito sa mga lahi niya magpakailanman.* **GENESIS 17:19**

(Basahin din ang **GENESIS 17:20,21.**)

Sinubukan ni Abraham na tuparin ang pangako ng Diyos sa pamamagitan ng pagkakaroon ng anak kay Hagar, ang utusan ni Sara, kahit sinabi ng Diyos na magkakaroon siya ng anak kay Sara. Habang naghihintay tayo sa pangako ng Diyos, minsan ay natutukso tayong "tulungan" Siya na tuparin ang mga ito. Kapag ipinapakita ng Diyos ang plano Niya, dapat tayong tumugon sa pananampalataya, magtiwala, at magpasailalim sa Kanyang plano kahit iba ito sa plano natin. Kahit parang imposible ang plano ng Diyos, Kaya Niya itong tuparin. Balikan ang isang panahon kung kailan dinala ka ng Diyos sa direksiyon na iba sa plano mo. Paano nito napalakas ang pananampalataya mo?

## APPLICATION

- Nahihirapan ka ba sa pamumuhay mo kasama ang Diyos habang naghihintay sa Kanya? Anong talata mula sa Bibliya ang maaari mong panghawakan?
- Ano ang isang pangako ng Diyos na pinanghahawakan mo ngayon? Ano ang gusto Niyang maging tugon mo habang naghihintay ka sa pangakong ito?
- Mayroon ka bang kapamilya o kaibigan na kailangang maalala ang katapatan ng Diyos na tuparin ang Kanyang mga pangako? Paano mo siya matutulungang magpatuloy sa pananampalataya?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos na kahit pa kailangan mong maghintay sa katuparan ng Kanyang pangako, ang relasyon mo sa Kanya ay sapat na. Pasalamatan Siya sa Kanyang katapatan na tuparin ang plano Niya sa buhay mo.
- Ipanalangin na bigyan ka ng Diyos ng kakayahan na mamuhay kasama Niya kahit pa matagal ang iyong paghihintay. Ipanalangin na bigyan ka ng mas malalim na pananampalataya upang maniwala para sa isang bagay na imposible at sa Salita Niya.
- Ipanalangin na ipakita Niya sa iyo ang mga tao sa paligid mo na kailangang maka-alam sa mga plano at pangako Niya para sa kanila at sa katapatan Niya na tuparin ang mga ito. Ipanalangin na gamitin ka ng Diyos upang hikayatin silang maghintay sa Kanyang kapangyarihan at tamang oras.

## NOTES

VICTORY

© 2018 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph